Mga Patakaran sa kalsada

Para sa kaligtasan, alamin natin ang mga patakaran ng Japan

㉘Kapag mag-lalakad



• Maglakad sa bangketa (daan para sa mga naglalakad).
• Kung walang bangketa, maglakad sa kanang bahagi ng kalsada.
• Kapag tumatawid, dumaan sa may traffic light o pedestrian lane

㉙kapag sasakay ng bisikleta



• Ang bisikleta ay tumatakbo sa kaliwang bahagi ng kalsada (daan ng mga sasakyan).
• Bawal magbisikleta kapag uminom ng alak.
• Kapag nagbibisikleta, magsuot ng helmet.
• Bawal magbisikleta habang gumagamit ng payong o cellphone (smartphone).
• Sa Iga City (Mie Prefecture), ang mga nagbibisikleta ay kailangang may insurance para sa pananagutan sa pinsala na dulot ng bisikleta.

㉚Kapag magmamaneho ng sasakyan o motorsiklo

• Kailangan ng lisensya para magmaneho ng kotse o motorsiklo. (Maaaring kunin ang written exam sa English, Portuguese, Chinese, Vietnamese, at iba pa.)
• Kapag nagmamaneho ng kotse o motorsiklo, dapat may dalang driver's license.
• Para sa kaligtasan, ang mga sakay ng kotse ay dapat magsuot ng seatbelt. Ang mga nakasakay sa motorsiklo ay dapat magsuot ng helmet.
• Bawal gumamit ng cellphone (smartphone) habang nagmamaneho.
• Bawal magmaneho kapag naka-inom o uminom ng alak.